

## POTENSIYA, BISA, AT ANTING-ANTING (Decoding Belief System Encoded in Folklore)

PROSPERO R. COVAR

Upang lalong maliwanagan ang ating paksa, isinaayos ko ang pira-pirasong halaw sa iba't ibang aklat na tinipon ni Melencio T. Sabino at ipinalimbag noong 1955 na isang librong may pamagat na *Karunungan ng Dios*. Ang libro ay naglalaman ng sari-saring paniniwala, mga oraciones sa iba't ibang kaukulan, at mga kuwentong hango sa Biblia o Banal na Kasulatan. Ang isang kuwento na ipinalalagay na apokripal ng mga Kristiano ay tungkol sa paglalang at paglikha.

### *Bisa ng Salita*

Nang pasimula ang Dios ay salita, at ang salita ay sumasa-Dios, at ang salita ay Dios. Ang lahat ng mga bagay ay ginawa sa pamamagitan ng salita at alin man sa lahat nang ginawa ay hindi ginawa kung wala ang salita. Nasa salita ang buhay.

Sa aking palagay, ito ang pinagbabasihan ng paniniwala tungkol sa bisa ng salita, palabra, o oracion. Ang oracion ay may potensiya na baguhin ang mga bagay na nangyayari at mangyayari.

### *Ang Pangalan ng Dios*

Ang pangalan ng Dios ay salita. May pangalang hayag at lihim ang Dios. May isang bagong pangalan at may isang pangalang walang hanggan na hindi mapaparam. May pangalan ang Dios na lumikha ng langit at lupa; may pangalan ang Dios na makapangyarihan sa lahat; may pangalan ang Dios na kataas-taasan, at may pangalan ang Dios ng mga hukbo. May pangalang nakasulat sa noo ng dakilang Dios, may pangalang nakasulat sa kanyang mga mata, may pangalang nakasulat sa kanyang hita, at may pangalang nakasulat sa kanyang damit. Maraming pangalan ang Dios ayon sa kanyang mga ginawa.

“Ang sinumang maka-alam ng aking lihim na pangalan ay magiging mapalad sa lupa at sa langit,” ang wika ng Dios. Ayon sa paniniwala ng Iglesia Watawat ng Lahi, ang pangalan ng Dios ay Jove Rex Al na kung isasalin sa Tagalog ay Jose Rizal, na ang ibig sabihin ay Dios, Hari ng Lahat. Subali't ito'y isang hayag na pangalan. Mas mabisa ang lihim na pangalan.

*Paglalang at Paglikha*

Noong una ay walang makikitang anuman kundi pulos na liwanag. Ang liwanag ang tanging sumasaklaw at nakababalot sa lahat ng dako. Ang liwanag ang matatawag na Dios sapagka't walang Dios na matatawag maliban sa liwanag.

Inisip ng Dios na lalangin ang mundo. Pina-urong niya ang liwanag sa buong kapaligiran upang magkaroon ng lugar na paglalagyan ng kanyang mga lilikhain. Ang liwanag ay tumahan sa kaitaasan na walang katapusan at walang hanggan.

Ang Dios na walang hanggan ay nakilala na Infinito Dios. Sa alapaap siya nagpapaligid-ligid. Paiba-iba ang kanyang ayos subali't ang tunay niyang anyo ay isang matang may pakpak na nakabalabal. Sa balabal ng dakilang Dios ay nakasulat ang kanyang kabanal-banalang pangalan. Ang sinomang maka-alam at makasambit nito ay hindi dadanas ng anomang hirap sa kabilang buhay.

*Gumamela Celis*

Inisip ng Dios na bago siya magsimula sa paglikha ng anomang bagay ay magkaroon siya ng isang kasangguni na makakatulong. Sa kanyang pag-iisip ay sumipot sa kanyang ulo ang limang titik na may sinag at nagniningning na anyo ng limang talulot. Ito'y naging isang mayuming bulaklak. Ang bulaklak na ito ang tinatawag na gumamela celis na ang ibig sabihin ay bulaklak ng langit at mundo. Ang limang titik na nabanggit ay dili iba't ang matamis na pangalang M-A-R-I-A na ang kahulugan ay kataastaasan.

Sa pasimula, ang unang inihanda ng Dios sa kanyang paglikha ay ang dakong kailaliman. Ganito ang sabi ng Infinito Dios kay Bulaklak. "Ikaw muna ay aking iiwan. Bantayan mo ang kaban ng tipan. Huwag mong pangangahasang buksan. Kapag hindi mo sinunod ang aking bilin ay mananaog ka sa aking gagawing lupa at magpapakasakit upang tipunin ang mga sumabog at nangawalang virtud."

Nang masabi ng Dios ang gayon ay nanaog na siya sa kailaliman upang ihanda ang isang malungkot na tahanan ng kanyang mga piling arkanghel na lilikhain.

Nang makaalis na ang Dios ay binuksan ni Bulaklak ang nasabing kaban ng tipan sa hangad na makilala ang katotohanan. Nang mabuksan ang kaban ay biglang lumabas ang tatlong letrang "B" na may mga pakpak at nagsilipad. Ang tatlong titik na nabanggit ay ang Tres Virtudes na lubhang mahimala at makababalaghan. Biglang isinara ni Bulaklak ang kaban,

subali't ang tatlong "B" ay nakalabas na at hindi na niya nakita.

Nang dumating ang Dios buhat sa kailaliman ang sabi kay Bulaklak ay ganito, "Ngayon ay matutupad sa iyo ang aking sinabi na mananaog ka sa lupa at magpapakasakit."

### *Plano ng Paglalang*

Sinimulan ng Dios ang plano ng kanyang mga lilikhain: tubig, apoy, hangin, lupa, langit, mga kahoy at halaman, mga tao at mga hayop, araw, buwan at bituin, nguni't ang higit sa lahat ay ang mga banal na espirito na kakatulungin niya sa paglikha at paggawa.

Ipinakita ng Dios kay Bulaklak ang nasabing plano. Sinabi ni Bulaklak na tumpak at mabuti kung espiritual nguni't kailangang baguhin ang iba kung gagawing materyal.

Ayon sa plano ng Dios ang malalaking kahoy at matataas ay malalaki rin ang bunga. Ang maliliit at mabababa ay maliliit ang bunga. Sinabi ni Bulaklak na kung ang mga kahoy na yaon ay ilalagay sa lupa, kailangang ang lalong malalaki at matatayog ang siyang dapat bigyan ng maliliit na bunga, at ang maliliit, mabababa, at gumagapang na halaman sa lupa ay siyang dapat bigyan ng malalaking bunga, sapagka't ang matatayog at malalaking kahoy ay sisilungan ng mga tao at hayop kung nadadarang sa init ng araw. Kung ang malalaking bunga ng kahoy ay mahinog at hindi makaya ng tangkay at malaglag sa taong nakasilong, maaaring mamatay o mapinsala ang tao.

At binago nga ng Dios ang kanyang ginawa. Ang malalaki at matatayog na kahoy ay siyang pinapagbunga ng maliliit at ang mga maliliit na halaman ay siyang pinapagbunga ng malalaki, ayon sa payo ni Bulaklak. Nang nakahanda na ang lahat ay inisip ng Dios na likhain na ang kanyang kakatulungin.

### *Ang Doce Pares*

Sa kanyang pag-iisip ay bigla siyang pinawisan sa kanang tagiliran. Sa paghaplos ng kanyang kanang pakpak ang mga butil ng pawis ay tumalsik. Ito'y naging labing-anim na espirito. Binigyan niya sila ng kani-kanilang tungkulin at kalagayan.

Ang unang dalawa ay ang dalawang matanda na tumatahan sa litid ng lupa sa magkabilang panig sa labas ng mundo. Sila ang naghahawak sa araw at buwan. Nasa kanilang kapang-yarihan ang pagbibigay ng liwanag sa sangsinukob.

Ang sumusunod na anim ay ayaw tumanggap ng anomang kaloob ng dakilang Dios. Nagpagala-gala na lamang sila sa

labas ng mundo. Ang kanilang mga pangalan ay sina Elim, Borim, Morim, Bicairim, Persalutim, at Mitim.

Ang pitong sumusunod ay ang pitong kanunununan sa labas ng mundo. Sila ang pitong arkanghel na hindi binyagan at ang kanilang mga pangalan ay Amaley, Alpacor, Amacor, Apalco, Alcom, Arago, at Azarago. Sila'y tagapag-alaga at bantay sa sangsinukob. Sila rin ang tagapamagitan sa Dios at sa tao.

Ang isang espirito na tumalsik sa malayo ay tinawag na Luxbel ng mga angheles o ilaw sa kalangitan. Ang kanyang pangalan ay Becca. Siya na nang dakong huli ay sumuway sa Dios kaya't tinawag siya na Lucifer — hari ng mga angheles ng kadiliman.

Inisip ng Dios na muling lumalang ng iba pang kakatungin. Nang siya'y nag-iisip ay muli siyang pinawisan. Sa paghaplos ng kanyang kaliwang pakpak sa mga butil ng pawis, ito ay tumalsik at naging espirito. Ang lima sa walo ay siyang lumapit at bumati kay Kristo noong siya'y naka-bayubay sa Krus ng ika-tatlo ng hapon ng araw ng Viernes Santo. Hiniling ng lima na sila'y binyagan ni Kristo nguni't hindi nangyari ang kanilang kahilingan. Sa oras na yaon ay biglang pinanawan ng hininga ang dakilang Mananakop at Tagapagligtas kung kaya't hindi sila nabinyagan. Tinaglay din nila ang kanilang dating pangalan na Istac, Inatac, Isnatac, Tartaraw, at Sarapao.

Ang huling tatlong espirito ay siyang naging Tatlong Persona. Sila ang binigyan ng Infinito Dios ng buong kapangyarihan sa paglikha at paggawa ng lahat ng bagay. Sa mata ng bawa't isa ay nakasulat ang isang titik na "M".

Sa kabuuan ang mga espiritong nilalang ng Infinito Dios ay tinaguriang Doce Pares.

#### *Kapangyarihan ng Tatlong Persona*

Bago pasimulan ang paglalang, ang Tatlong Persona ay naupo sa tatlong magkakatungkong bato na kung tawagin ay Piedra Mental, Piedra Crisol, at Piedra Amor na kung liliwanagin ay bait, ala-ala, at loob. Sa ibabaw ng bawa't bato ay may tig-iisang salitang nakasulat na Ardám, Aradam, at Adradam. Ang tatlong salitang ito ay siyang tunay na pangalan ng Tatlong Persona. Ang mga pangalang ito ay dapat na ilihim at hindi dapat banggitin kung hindi karapat-dapat.

Sa kanilang pag-kakaupo ay nakatanaw sila ng tatlong liwanag na tumataas na nagbubuhay sa kailaliman. Nagtaka ang tatlo sa hiwagang nakita. Sa bawa't isa sa kanila ay may

tigatlong salitang tumapat: Seliam Talugom Magugam, Sumitam Tucsam Meeliam, at Salitam Temitam Macam.

Sa ganitong pangyayari ay nagpatuloy sa pag-uusap ang tatlo. Pinagkaisahan nila na palitawin ang lupa, subali't ng lumitaw ang lupa ay gayon na lamang ang kanilang pagtataka at panggigilalas sa kanilang nakita. Ito'y may pitong bakas na hindi nila maubos malirip kung bakit nagkaroon ng gayon ay hindi pa sila lumilikha ng tao. Inisip nila na hanapin upang makilala kung sino-sino ang mga may bakas niyaon. Sa kanilang paglalakad ay natagpuan nila ang nasabing pito, subali't ng tanungin nila upang makilala ay ayaw magsabi ng kanilang pangalan. Ang sagot pa sa tatlo ay wala silang paki-alam sa kanila sapagka't sila'y hindi nila nasasakupan. Idinugtong pa na noong hindi pa yari ang santinakpan ay gumawa na sila ng sariling tahanan, sa litid ng mundo sila tumatahan. Sa sagot na ito'y iniwan ng tatlo ang pito upang magpatuloy sa kanilang paglikha at paggawa.

#### *Pagbibigay ng Sinag sa Araw*

Pinagkayarian ng tatlo na gawin ang liwanag na tatanglaw sa sangsinukob. Sinimulan nila ang paggawa sa araw. Nang mayari na nila ang araw ay hindi nila mabigyan ng lubos na liwanag, ningning, at init. Walang ano-ano ay nakarinig sila ng isang tinig na nagsasabi na ang tanging makapagbibigay ng kailangan nila sa araw ay ang matandang babae na tumatahan sa litid ng lupa. Inutusan ng Dios Ama ang Dios Anak sa sinasabing matandang babae upang hingin ang kanilang kailangan. Nang lumalakad na ang Diyos Anak ay biglang nagdilim ang dinaraan at hindi maalaman ang patutunguhan kaya't siya'y napatigil. Sa pagka-tigil niya ay may tinig siyang narinig na nagsabi sa kaniya ng ganito, "Ang iyong sabihin upang magliwanag at ng makita mo ang iyong daraanan ay ganito, 'Lihis, taguitac, sagramatac paparonatac.'"

Nang ito'y bigkasin ay biglang nagliwanag ang kanyang daraanan kaya't siya'y nagpatuloy. Nang siya'y dumating sa litid ng lupa na tinatahanan ng nasabing matandang babae ay tumawag siya nguni't walang sumagot bagama't nararamdaman niya na may mga tao sa loob. Nang siya'y ayaw buksan at ang matandang babae ay hindi maka-usap ay nagbalik siya sa Dios Amang nag-utos upang ipagbigay-alam ang nangyari. Nang matanto ng Dios Ama ang nangyari ay pinabalik ang Dios Anak at ang bilin niya pagdating sa pinto ng tahananang kueba ng matanda ay ganito ang sabihin, "Credo de la Sanctisima

Trinidad Virgen Muy Poderoso Sumitan Rey de los Reyes Tartat, atbp.

Noong dumating ang Dios Anak sa pinto ng nasabing kueba ay tumawag siya sa matandang babae at ng siya'y ayaw buksan ay sinambit ang mga salitang sinabi sa kanya ng Dios Ama. Matapos niyang banggitin ang mga nasabing pangungusap, ang pinto ng kueba ay biglang nabuksan at lumabas ang matandang babae. Sinabi ng Dios Anak ang kanyang sadya at ipinagkaloob naman ng matandang babae mula sa kanyang sukbitan ang isang bubog na nagniningning, Tuloy ibinilin na ikuskos ang nasabing bubog sa mukha ng araw upang magningning, magliwanag, at magka-init. At gayon nga ang ginawa ng Dios Anak, ikinuskos sa mukha ng araw, at ang araw ay uminit, nagingning at nagliwanag.

#### *Susi ng Pinto*

Nasa ganitong kalagayan ang Tatlong Persona ng sila'y makarinig ng isang tinig na hindi nila mapagsiya. Ulilang liwanag ang kanilang nakita. Tinanong nila kung sino siya at ang sagot sa kanila'y siya'y isang mata at biglang lumagpak sa kanilang harapan ang isang matang may pakpak at kanilang hinabol hanggang sa gitna ng dagat. Ang matang tumalsik ay biglang nabasag at naging tatlong piraso na naging tatlong isda at sa katawan ng bawa't isa ay nakasulat ang salita na Aram, Acdam, Acsadam. Nang sundan ng Tatlong Persona ang tatlong isda ay biglang lumubog at nawala sa pusod ng karagatan. Hindi hiniwalayan ng Tatlong Persona ang tatlong isda hanggang sila'y sumapit sa kaibuturan ng isang malaking bato na may pangalang Ara at sa libis ng nasabing bato ay may isang matandang naglalakad.

Sa gayon ang Dios Ama ay nangusap ng "Sanctus Deus;" Ang Dios Anak ay sumagot ng "Sanctus Fortis;" at ang Espiritu Santo'y nagsulit ng "Sanctus Immortalis." Sa kanila'y may sumagot na boses na wika'y "Misirere nobis." Ang tatlo'y lumingon kapagdaka sa boses na nagbadya. "Aba, anong katakataka, tayo pala'y may kasama. Halina't ating hanapin at ng ating masumpungan." Subali't ng matagpuan ang matandang sinusundan sa bato'y nasok pagkuan. Yaong batong pinasukan walang pintong dinaanan. Ang bato'y saan man tingnan, buo at parang hininang. Nang ang langit ay masarhan sa nunong pinasukan, sa Tatlong Personang mahal walang makabukas sinoman.

Sinabi sa kanila ng matanda na salitain ang, "Limbor Calicatab Sancto Titab Et Livis Sarac," para ang pinto ng bato ay bumukas.

### *Tradisyong Pangrelihiyon*

Ang paglalang at paglikha na ating natunghayan ay hinabi mula sa tatlong tradisyong pangrelihiyon sa Pilipinas: (1) ang tradisyong anitismo, (2) ang tradisyong Katoliko Romano, at (3) Protestantismong Americano.

Ang tradisyong anitismo ay batay sa paniniwala na ang mundo ay punong-puno ng mga espiritu. Ang mga espiritung ito ay may taglay na galing, alam, o anting-anting ukol sa iba't ibang bagay. Ito ay ipinagkakaloob sa mga napipiling tao. Ang mga bundok, kueba, sapa, ilog, talon, halaman, hayop, pati na ang tao ay may kani-kanyang potensiya. Ang potensiya ay makakamit sa pagkakaroon ng malinis na puso, budhi, at diwa at sa masusing pagtupad ng ritwal gaya halimbawa ng taimtim na pagdadasal.

Ang tradisyong Katoliko Romano ay nananampalataya sa kahiwagaan ng Misa. Ang Misa ay isang pagpapahayag ng mga sacrificio ni Jesucristo. Ang mga santo at santa ay mga taong matiyagang tumupad sa kalooban ng Dios kaya sila ay karapat-dapat na sambahin.

Ang tradisyong Protestantismong Americano ay nananalig sa Biblia na tanging batayan ng kanilang pananampalataya. Ang kaligtasan ay nakamtan na sa pamamagitan ni Jesus na nabayubay sa Krus dahil sa kasalanan ng mga tao. Ang pag-gawa ng mabuti ay bilang ganti at pagtanao ng utang na loob.

Ang relihiyon ng mga Filipino ay nanggaling sa iba't ibang tradisyon. Gayon din naman ang potensiya, bisa, at anting-anting ay nagiging makabuluhan ayon sa pangrelihiyong pananaw ng mga Filipino. Sa pananaw ng Kristiano (Katoliko o Protestante) ang potensiya, bisa, at anting-anting ay itinuring na maling paniniwala o superstisyon.

### *Pag-aalaga ng Anting-Anting*

Mayroon nang paniniwala sa anting-anting bago pa dumating ang mga Kastila sa Pilipinas. Ang paniniwala ay pinag-yaman lamang ng pananampalataya sa Infinito Dios, mga santo at santa at iba't ibang uri ng espiritu. Ang mga mirakulo na isinagawa ni Jesus sa pamamagitan ng salita tulad ng pagbangon ng patay, paglakad sa tubig, pagpaparami ng tinapay at isda pati na alak, pagpapagaling at marami pang iba ay

kinakitaan ng kababalaghan. Ang relihiyon ay kababalaghan. Ninais ng mga Filipino na ito'y tuklasin at isinama sa dating paniniwala. Noong una ang ginagamit na wika sa ritwal ng mga pare ay Latin kaya't ito'y inakalang mabisa. Karamihan sa mga oracion ay nasa wikang Latin tulad ng ating natung-hayan sa pag-uusap ng Tatlong Persona at Infinito Dios.

Ang anting-anting ay pinakakain ng dasal. Hindi ito kung kani-kanino ipinagkakaloob. Ang naghahawak ng anting-anting ay sumumpa na hindi niya ito gagamitin sa masamang paraan. Oras na gamitin ito sa masamang paraan ay naglalaho na parang bula o lumilipad na tulad ng tatlong Virtudes na pinakawalan ni Bulaklak mula sa kaban ng tipan ng Infinito Dios.

Maraming pinag-kukunan ng anting-anting. Isa na rito ang mga salitang ginamit ni Kristo. Ang okasyon ng paggamit ay masusing pinag-aaralan, tinatantiya, tulad ng kaparaanan ng eksperimento sa laboratoryo. Ang mga paraan ay sunod-sunod na iniaayos at sinusukat. Ang pagkakamali sa pagkakaayos at pagsukat ay siyang nagiging dahilan kung bakit nagmimintis o nawawalan ng bisa ang anting-anting gaya ng karanasan ng Lapiang Malaya sa Pasay.

Maraming mga sakramento, panata, misyon, pag-aanito at pagdarasal na isinasagawa sa pag-aalaga at pagsubok ng anting-anting. Tuwing mahal na araw, may mga taong nagpapas-an ng Krus. Ito'y isang pakikiramay sa paghihirap ni Kristo. Hindi nila isinasagawa ang sakramento upang patawarin sa kanilang kasalanan. Ang kanilang mithiin ay pangalagaan ang kanilang anting-anting sa buhay. Katulad din naman, ang paghahampas (flagelantes) ay hindi upang palayasin ang mga masasamang espiritu sa loob ng katawan. Ito'y ginagawa upang linisin ang kanilang katawan para maging karapat-dapat na templo ng anting-anting. Ang pagsimba ng Filipino ay waring katulad ng pagganap ng ritwal sa loob ng kueba upang pagyamanin ang ina-alagaang potensiya.

Sa aking palagay, ang relihiyon ng nakararaming Filipino ay naka-ugnay sa potensiya, bisa, at anting-anting na nagbunga ng kababalaghan. Makababalaghan ang mga tinipong salaysay ni Melencio T. Sabino na aking inilahad dito.